

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG

Huwebes, Nobyembre 3, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:

Karina Rivera, Alameda Alliance for Health

510-499-3419

krivera@alamedaalliance.org



PAGRERETIRO NI CEO SCOTT COFFIN, INANUNSIYO NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH

Pagkatapos paglingkuran ang Alliance nang halos isang dekada, magreretiro si Scott Coffin, Chief Executive Officer ng Alameda Alliance, sa Mayo 31, 2023.

Alameda, CA – Inanunsiyo ngayong araw ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na naglilingkod sa mahigit 330,000 residente ng Alameda County, ang pagreretiro ni G. Scott Coffin, Chief Executive Officer (CEO), may bisa sa Mayo 31, 2023. Si G. Coffin ay naglingkod bilang CEO magmula sa simulang bahagi ng 2015, nang nakatuon sa pangunguna sa organisasyon papaalis sa conservatorship ng estado at paggawang napapanatili ang mga pagpapatakbo. Ang Alliance ngayon ay may halos 400 staff at nag-uulat ng \$1.3 bilyon na kita taun-taon, nagpapanatili ng mga pambansang accreditation sa kalidad, nakasusunod sa regulasyon, at may mahigit \$200 milyon na mga financial reserve. Ang turnaround ng Alliance ay kinilala ng mga pang-estado at pederal na regulator dahil sa husay ng mga pagpapatakbo nito at mabilis na pagtaas ng mga marka ng kalidad, mula sa pangatlong pinakamababang marka papunta sa pang-apat na pinakamataas na organisasyon ng pinapamahalaang pangangalaga sa buong estado.

Pinahusay ng Alliance ang isang serye ng mga programa ng insentibo sa pangunahing pangangalaga at mga pilot para sa pamamahala ng kumplikadong kaso, nang naglalaan ng mahigit \$84 milyon sa mga lokal na provider para pagandahin ang kalidad ng pangangalaga sa mga nasa hustong gulang at bata na nakatala sa programa ng Medi-Cal. Para masuportahan ang mga pangangailangan ng mas matatandang nasa hustong gulang, mga bata at mga pamilya, bumuo si G. Coffin ng mga bagong ugnayan sa Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng Alameda County, mga pinuno ng Ahensiya ng Alameda County, at sa mga pinuno ng mga organisasyong nakabase sa komunidad para mapalawak ang access sa mga serbisyong pangkalusugan. Ang kanyang commitment para tugunan ang mga pagkakaiba-iba at mga panlipunang salik ng kalusugan para sa mga taong hindi binibigyan ng kahalagahan ay nagtulak sa organisasyong baguhin ang mga programang pangkalusugan ng populasyon. Noong nakaraang taon, matagumpay na naipatupad ng Alliance ang unang yugto ng CalAIM program, kasama ang pinahusay na pamamahala ng pangangalaga, mga suporta sa komunidad, at major organ transplant.

Bago maitalagang CEO ng Alliance si G. Coffin, naglingkod siya bilang Executive Director para sa Anthem Blue Cross, nang nangangasiwa sa mga serbisyo ng Medi-Cal sa 18 hilagang county sa California, at responsable para sa pagbibigay ng mga benepisyo sa mahigit 500,000 miyembro ng Medi-Cal. Matagumpay ang turnaround ng pagpapatakbo para sa organisasyon ng pinapamahalaang pangangalaga sa hilagang rehiyon na nagresulta sa mas mataas na kalidad, mas madaling access, at mas mahuhusay na serbisyo sa customer para sa mga miyembro at provider. Sa mahigit 26 na taon ng karanasan sa

pamumuno sa pangangalagang pangkalusugan, inilaan ni G. Coffin ang nakalipas na dekada ng karera niya sa pagsasanib ng mga serbisyo ng Medicare at Medicaid, pagpapadali ng access sa pangangalaga para sa mga nakatatandang nasa hustong gulang, at pagpapatupad ng reporma sa pagbabayad at mga de-kalidad na programa ng pagpapahusay. Kasama sa karera niya bilang ehekutibo ang pakikipagkonsulta sa mga ahensiyang pangkalusugan ng estado at county, plano ng pinapamahalaang pangangalagang pangkalusugan, ospital, at grupo ng doktor na may espesyalisasyon sa pagsasanib ng mga serbisyo ng Medicaid at Medicare.

“Sa ilalim ng pamumuno ni Scott, malalaki ang naging hakbang ng Alliance para matupad ang misyon at mithiin nang tuloy-tuloy sa nakaraang walong taon, at sa pamamagitan ng pamumuno niya ay nakabuo siya ng napapanatiling organisasyong handang paglingkuran ang bawat residente, sa bawat komunidad,” ang sabi ni Dr. Evan Seevak, Tagapangulo ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance. “Si Scott ay ehekutibong may napatunayan na nakatuon sa pasyente, nagpapahalaga sa network ng mga doktor at tagapag-alaga, at aktibong nakituwang sa mga safety-net provider para maabot ang mga komunidad na kulang sa serbisyo sa buong county. Sa pamumuno niya ay nalampasan ng Alliance ang mga panahon ng walang katiyakan sa pamamagitan ng mga pakikisosyo, pagtuon sa pagsasagawa, at paggamit ng diskarteng nakabase sa team. Lubos kaming nagpapasalamat sa kaniyang pamumuno.”

“Ang pagkumpleto sa turnaround ng Alliance ay tunay na pagsisikap ng team, at ang bawat miyembro ng team na nagtatrabaho para sa Alliance ay kabahagi ng tagumpay na ito,” ani Alliance CEO Scott Coffin.

“Nagpapasalamat akong makatrabaho ang napakaraming staff na may dedikasyon at talento, ang pambihirang tiwala mula sa Lupon ng Mga Gobernador, at ang mga tapat kong provider na masipag na tiniyak na mararanasan ng ating mga miyembro ang pinakamataas na kalidad ng serbisyo. Ikinararantal kong paglingkuran ang isang organisasyong may matatag na misyon at mithiin na para sa ikakikinabang ng lahat ng tao at nagpapabuti sa kalidad ng buhay para sa lahat ng nasa mga komunidad sa buong Alameda County.”

Ang Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance Board ay bumuo ng komite para sa paghahanap ng CEO at nakituwang sa isang ahensiya sa pag-recruit ng ehekutibo na kinikilala sa buong bansa para pangasiwaan ng paghahanap sa susunod na CEO.

Para alamin pa ang tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa <http://alamedaalliance.org/>.

###

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Itinatag noong 1996, ang Alliance ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 330,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).